REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

PHILIPPINES 2000
Sama-Sama sa DECS

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Setyembre 29, 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 449, s. 2000

## IKA-5 PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN (SEMINAR-WORKSYAP) SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan sa Elementarya at Sekundarya
Tagapangulo, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon

1. Bilang kontribusyon sa pagpapahusay sa pagtuturo ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, idaraos ng Miriam College sa pakikipagtulungan ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Unibersidad ng Pilipinas at ng Katipunan ng mga Guro sa Filipino (KAGURO) ang Ika-5 Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Wika at Panitikang Filipino sa Nobyembre 22-24, 2000 sa Audio-Visual Room A-B ng Kolehiyo.

2. And pangkalahatang paksa sa pambansang gawaing-kapulungan na ito ay "Paglinang sa Pambansang Kultura at Kamalayan: Teorya, Metodo, at Pagsasapraktika sa Klasrum".

3. Layon ng gawaing-kapulungan na ito ang mga sumusunod:

   a. linangin ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri sa mga ideya, kaisipan, at kultural na praktis sa loob at labas ng klasrum; at
   b. gawin ang mga ito bilang lunsaran ng higit na epektibong pagtuturo ng wika at panitikang Filipino.

4. Inaanyayahang dumalo sa gawaing-kapulungan na ito ang lahat ng kinatawan ng mga tanggapan ng DECS, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, mga panrehiyon/pansangay/pandistritong superbisor sa Filipino, puno/tagapag-ugnay ng Filipino, o sinumang hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya, sekundarya at tersyarya, pribado man o pampamahalaan, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon, at mga guro/instruktor/propesor ng wika.

5. Magmumula sa mga kalahok ang halagang Tatlong Libong Piso (P3,000.00) para sa kabuuang bayad sa tatlong (3) araw na gawaing-kapulungan. Ang mga magsisidalo na mula sa pampublikong paaralan at institusyon ay pinapayagang dumalo sa opisyal na oras lamang. Ang mga dadalo na mula sa pribadong institusyon ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang administrador.

E-Mail Address:
OSEC @SKYINET.NET

"Together Let Us Build This Nation Through Education"

Tel. # 02-633-7228 or 7208
Fax # 02-632-0808

6. Mangyaring makipag-ugnayan sa Sekretaryat sa pamamagitan ni Dr. Aurelio Agcaoili, Direktor ng Gawaing-Kapulungan; Propesor Teresita Semorlan at Gng. Lani Abad, mga katuwang na Direktor o Gng. Del Ramirez, Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Miriam, Lungsod Quezon o tumawag sa telepono bilang 927-24-21 hanggang 31 lokal 340; fax no. (632) 435-92-32 o sa e-mail aurelioagcaoili@hotmail.com.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 280, s. 2000

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS